# Caltrans Comprehensive Multimodal Corridor Plan FAQs (Kalimitang Mga Tanong)

## T. Ano ang Comprehensive Multimodal Corridor (CMCP)?

S. Ang CMCP ay ang plano sa pamamahala ng corridor na ang layunin ay padamihin ang mga uri ng transportasyon, pababain ang kasikipan ng trapiko, pagbutihin ang oras ng paglalakbay, at pababain ang greenhouse gas (GHG) emissions.  Tinitingnan ng CMCP kung paano ang pagganap ng lahat ng uri ng paglalakbay sa tinukoy na corridor at sinusuri kung paano mapapaunlad ang pagpapatupad ng corridor. Ang pagpapaunlad ay maaaring sa state highway, sa lokal na kalye at lansangan, pampublikong sasakyan at pasilidad ng tren, at pagbibisikleta sa loob at labas ng lansangan at pasilidad sa paglalakad.

## T. Bukod sa Highway 101, ano pa ang nasa corridor?

Kasama sa corridor ang lahat ng mga pangunahing pasilidad ng transportatasyon katulad ng freeways or malawak na daanan, parallel arterials, bisikleta at ruta para sa paglalakad, lokal and rehiyonal na daanan, at riles para sa pasahero at kargamento.

## Q. Paano pumipili ang Caltrans ng proyekto sa kahabaan ng corridor?

Ang CMCP, na nabuo sa pakikipagtulungan ng State, lokal at rehiyonal na ahensiya ng transportasyon, ang tumutulong upang ipaalam sa Caltrans ang mga maikli, katamtaman at pangmatagalang proyekto na kailangan sa kahabaan ng corridor.  Ang mga proyekto ay sinusuri batay sa kung paano natutugunan ang layunin ng state at rehiyon kasama ang mga pangangailangan ng komunidad para sa ikabubuti ng mga mamamayan at kalakal.  Tinutukoy ng CMCP ang listahan ng mga proyektong pangtransportasyon na magbabawas sa pagsisikip ng trapiko, magbibigay ng mas maraming uri ng transportasyon, magbabawas ng mga greenhouse gas emissions, at magpapaunlad sa kaligtasan, katarungan, at magandang pamumuhay.

## Q. Anong uri ng mga proyekto ang maaring isaalang-alang?

Ang mga proyekto na umaayon sa mga layunin ng State para sa klima, pamamahala ng masikip na daloy ng trapiko sa pamamagitan ng makabagong pamamaraan, and pagbilang ng makabagong estratehiya katulad ng:

- Makabagong teknolohiya katulad ng Intelligent Transportation Systems, digital signage, at real-time travel information devices
- Transportation Management Systems and Transportation Demand Management
- High-Occupancy Vehicle (HOV) lanes o daanan o ang tinatawag na managed lanes
- Pagpapaunlad ng pagbabago sa mga interchanges, auxiliary lanes, curve and alignment, signals, at-grade crossings, turn lanes, shoulder widening, at iba pa.
- Pagpapabuti at pagpapalawak ng sistema ng transportasyon para sa bisikleta at ng mga naglalakad.
- Mga proyekto para sa pampublikong pamamaraan ng paglalakbay (i.e. hubs, bus, riles, o serbisyong pangkaragatan); pagbili ng mga bus na may zero-emission
- Pagdaragdag ng makabago o pagpapaunlad ng pangkasalukuyang imprastraktura ng riles
- Pagpapaunlad ng sistema ng mga kargamento

- Zero-emission na imprastraktura para sa mga istasyon ng mga sasakyan na kailangan magkarga o istasyon para sa gasolina
- Mga proyekto para mapaunlad ang kaligtasan ng mga  gumagamit ng pasilidad para sa transportasyon

### Q. Sino ang kabilang sa pagpaplano at paggawa ng desisyon?

Ang Caltrans, sa pakikipag-ugnayan ng corridor stakeholders, kabilang ang County Transportation Agencies, Native Tribes, advocacy groups, mga organisasyon ng komunidad, at ang interesadong miyembro ng publiko ang makakabilang sa  pagsasagawa ng CMCP.  Ang pagsasagawa ng mga pampublikong aktibidades ay bahagi ng proseso ng pagpaplano para sa transportasyon.  Nais naming makarinig mula sa inyo!

### Q. Paano nakakakuha ng pondo para sa mga proyektong it?

Maaaring manggaling ang pondo sa mga lokal at rehiyonal na panukalang buwis at maari ring manggaling sa State.  Ang mga proyekto na natukoy sa CMCP ay karapat-dapat para sa *Solutions for Congested Corridors Program* (SCCP), isang malawak na programa na nagbibigay ng pondo upang makamit ang balanseng hanay ng transportasyon, kapaligiran, at pagpapa-unlad ng access ng komunidad upang mabawasan ang kasikipan sa buong State. Bilang bahagi ng Senate Bill 1, The Road Repair and Accountability Act of 2017, ang SCCP ay nagkakaloob ng $250 milyon kada taon sa Caltrans, county transportation commissions, at regional planning agencies para sa mga proyekto na magpapabuti sa daloy ng trapiko sa mga masisikip na corridor ng California. Karagdagang kaalaman tungkol sa SCCP ay matatagpuan dito: https://catc.ca.gov/programs/sb1/solutions-for-congested-corridors-program

### Q. Kung nais kong makiisa, sino ang aking kakausapin?

Magsasagawa ang Caltrans ng mga virtual na pakikipag-ugnayang pampubliko kabilang ang webinar, survey, at pagpapaskil ng on-line interactive map para sa mga komento.

Ang karagdagang kaalaman ay matatagpuan sa: https://dot.ca.gov/DOT/caltrans-near-me/district-4/d4-programs/d4-transplanning-local-assistance/d4-office-of-system-and-regional-planning/101SouthCMCP

O kaya ay i-scan ang QR code na ito upang makarating sa Plan website.

Sundan ang mga pahina ng Caltrans District 4 sa Twitter at Facebook para sa karagdagang balita.

Maari ring ipadala ang inyong mga katanungan at komento sa pamamagitan ng email sa Caltrans Planning sa:  systemplanningbayarea@dot.ca.gov.

**Inaasahan namin ang inyong pakikilahok.**